Republic of the Philippines
Ministry of Natural Resources
OFFICE OF THE MINISTER
Diliman, Quezon City

Ika-23 ng Febrero 1981

NATATANGING KAUTUSAN
Bilang 49
Serye ng 1981

PAKSA: Paggamit ng Wikang Pilipino sa Komunikasyong Pangkaraniwan at Pampalagian.

Bilang pagkilala sa kahalagahan ng ating sariling wika at alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 1987 noong Agosto 6, 1969 at Memorandum Sirkular Blg. 172, s. 1968, ipinag-uutos sa pamamagitan nito, ang paggamit ng Wikang Pilipino sa mga sumusunod na komunikasyong pangkaraniwan;

a) Kahilingan ng karapatan para sa paggawa ng higit sa oras;

b) Memorandum ng Paglilipat para sa mga kawanihan at tanggapan ng Ministri, sa Komisyon ng Serbisyo Sibil, at iba pang tanggapang Pampamahalaan na karaniwang nakikipagugnayan sa tanggapang ito;

k) Memorandum ng Pagsangguni o paglilipat sa mga tanggapang nagpapatibay katulad ng Tanggapan ng Pangulo, Ministri ng Guguling Pampamahalaan, Komisyon ng Audit; at

d) Kahilingan para sa pagbabago ng pangalan o katayuang sibil, paglipat ng tanggapan o pagbibitiw ng tungkulin.

Ang kautusang ito ay magkakabisa kaagad at mananatiling may bisa hanggang iwalang-saysay ng nakasulat.

JOSE J. LEIDO, JR.
Ministro

B3K 13